



Magbabayad si Trump sa Kanyang mga Aksyon

"Wala pa kaming nakitang ganito sa buong buhay ko – isang taong nagsasabing, 'Anuman ang gusto ko ay dapat maging batas ng lupain. Ito ang aking paraan o ang highway.' At karamihan sa mga Amerikano ay hindi sumasang-ayon diyan," sabi ni Clinton

SUNDAN sa pahina 11



Dating Pangulo Bill Clinton



GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the **Licensed Debt Professionals™**
at **David Sklar & Associates**

We are licensed by the **Canadian government**
to file and administer programs that can
relieve your serious debt problem and
give you a **'fresh start'**

- ▶ **Get Out of Debt**
- ▶ **Stop Collection Calls**
- ▶ **Stop Interest Charges**
- ▶ **One Low Monthly Payment**
- ▶ **Without Bankruptcy**
- ▶ **Without Loans**



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

For Your Free Consultation
Call (416) 498-9200 ext. 236

 **DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ■ TORONTO ■ PICKERING / AJAX ■ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ■ BRAMPTON

Judy Ann Santos, kinilala ng Senado dahil sa Best Actress award

Nagpasalamat ang ak-
tres na si Judy Ann San-
tos-Agoncillo sa Senado
matapos siyang kilalanin
dahil sa pagkakapanalo
niya bilang “Best Actress” sa
Fantasporto Film Festival sa
bansang Portugal, para sa
pelikulang “Espantaho.”

Si Sen. Jinggoy Estrada,
ang siyang naghain ng Sen-
ate Resolution No. 1320 na
kumikilala sa kahusayan ni
Juday bilang isang artista,
na kinilala sa ibang bansa.

“Her Best Actress win in
Fantasporto, her second
international best actress
trophy following the rec-
ognition from Cairo Film
Festival in 2019 for the
movie ‘Mindanao’, proves
her range and versatility
as an actress who can not
only make audiences cry
buckets for her dramatic
portrayals as a true royalty



of Pinoy Soap Opera or hold
her own as a female lead in
action sequences, including
our very own tandem, but
can also send chills and sus-
pense in horror blockbust-
ers,” bahagi ng sponsorship
speech ni Estrada noong
Lunes, Hunyo 2.

“This is another feather

in her cap, and a wonder-
ful addition to a shelf of
awards that characterized
her stellar career spanning
four decades. Ano pa ba
ang hindi kayang gawin
ng isang Judy Ann Santos?
Top-rating TV star, box-of-
fice queen, renowned chef,
best-selling book author,

popular content creator,
film producer, successful
restaurateur, television
host, recording artist. Napa-
kasuwerte ng asawa nito. I
am truly in awe of her long
list of accomplishments and
achievements.”

FACEBOOK

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!



EXTRA PERSONNEL

Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



We offer the best pay rates in the industry,
long and short-term assignments,
tremendous full-time employment
possibilities and access to some of
Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a
good command of the English language and
safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

Luis Manzano, 'patay' sa social media Fake News, pero ang totoo ay buhay pa ito

Hindi nakaligtas sa fake news ng death hoax ang Kapamilya TV host na si Luis Manzano noong bago magtapos ang buwan ng Mayo.

Ipinalalabas kasi ng isang fake news page na pumanaw na ang kumandidatong vice governor ng Batangas, with matching mga larawan pa ng umiiyak na misis ni Luis na si Jessy Mendiola, at inang si Star For All Season at Batangas governor-elect Vilma Santos-Recto.

Espekulasyon ng mga netizen ay black propaganda ito ng mga taong may galit kay Luis.



Pero mula mismo kay Luis ang kumpirmasyong death hoax ito dahil buhay na buhay siya, at nagbibiro pa.

Luis Manzano, may babalikan sa showbiz kahit olats sa politika

"Update po, buhay na bu-

hay po ako . Napakagwapo pa nga - Luis," aniya sa kaniyang Facebook post noong Mayo 29. **FACEBOOK**

"The Travel Partner You Can Trust!"

tico.ca

Polaris Travel & Tours



Contact us for **LOW AIRFARES**
to the *Phillipines*

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

Imburnal girl, tatanggap sa DSWD ng P80k kabuhayan package

Natagpuan na ang babae na lumabas mula sa kanal sa Makati. Ang Department of Social Welfare and Development (DSWD), bibigyan siya ng P80,000 halaga ng livelihood package.

Matapos makausap si DSWD Secretary Rex Gatchalian, humarap ang babae na itinago sa pangalang "Karla," sa media, at itinanggi na nakatira siya sa kanal. Paliwanag niya, nalaglag ang cutter blade niya sa kanal na kaniyang kinuha. Nagulat na lang umano siya nang makitang maraming tao ang nakatingin sa kaniya.

Sa kaniyang takot, napatakbo siya. "Nagulat ako ang dami nang tumingin sa akin dahil kinabahan ako. Pinilit ko lang kunin yung cutter blade ko po," paliwanag niya.

Dati umano siyang homeless pero nangungupahan na sila ngayon ng kuwarta ng kaniyang kinakasama na isang barker.

Pangarap ni Karla na magkaroon ng tindahan, at ayon kay Gatchalian na bibigyan ito ng P80,000 halaga ng livelihood package upang makapagsimula siya ng sari-sari store.

Tutulungan din siyang makabalik sa pag-aaral sa pamamagitan ng alternative learning system dahil sa grade 2 lang ang inabot niya.

Ang kinakasama naman ni Karla, tutulungan na magkaroon ng welding machine para magkaroon din ng stable ng kita.

Hinikayat naman ni Gatchalian ang publiko na padalhan sila ng mensahe sa kanilang social media account kung may tao na kailangang tulungan sa ilalim ng kanilang "Pag-abot Program." -- **GMA News**



Pangulong Marcos: Public schools kakabitan ng internet



Ang anunsio ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ay ginawa matapos inspeksyunin ang "Brigada Eskwela" sa Tibagan Elementary School sa San Miguel, Bulacan.

PILIPINAS — Maglalagay ang gobyerno ng internet access sa mga pampublikong eskwelahan sa bansa partikular sa malalayong lugar para mas mapahusay pa ang pagtuturo sa mga estudyante.

Ang anunsio ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ay ginawa matapos inspeksyunin ang "Brigada Eskwela" sa Tibagan Elementary School sa San Miguel, Bulacan.

Ayon sa Pangulo, nakita nito ang software ng Khan Academy gamit ang Starlink

para sa internet connection at nais nitong magkaroon ang iba pang mga paaralan sa bansa.

"Gagawin natin sa mga iba't ibang eskwelahan lalung-lalo na doon sa malayo dahil may teknolohiya na. Ito yung nakikita yung Starlink, puwede na yan. Basta ikabit mo lang, isaksak mo lang, okay na mayroon ka ng Wi-Fi," pahayag pa ni Marcos.

Sinabi pa ng Pangulo na nagagalak siyang mayroon ng teknolohiyang katulad

ng Starlink kaya titingnan ito ng gobyerno para may magamit ang mga estudyante sa pasukan.

Aminado naman ang Presidente na kulang ang mga teacher sa bansa, kaya pinag-aaralan na rin nila ni DepEd Secretary Sonny Angara na bawasan ang administrative duty na binibigay sa mga guro.

"Kasi naging teacher kayo para magturo, hindi para mag-bookkeeping. Kaya yun ang ginagawa namin" ayon pa sa Pangulo. - **Pilipino Star Ngayon**

Imburnal girl gagawing ambassador ng DSWD?

DUMIPENSA si Social Welfare Secretary Rex Gatchalian sa ibinigay na P80,000 na tulong ang nag-viral na lumabas na babae sa Makati drainage.

Paliwanag ni Gatchalian, P10,000 hanggang P80,000 ang maaring matanggap ng benepisyaryo ng "Pag-Abot

Program" ng kagawaran.

Ang programa ay para sa mga naninirahan sa mga lansangan at ang mga benepisyaryo ay dumadaan sa "assessment" ng social workers.

Nilinaw din na ang pagbibigay ng P80,000 cash aid ay gagawin ng "installment basis."

Kasabay nito, umapila si Gatchalian sa netizens na tigilan nang gawing katawa-tawa ang sitwasyon ng babae sa Makati drainage na itinago sa pangalan na "Rose".

"Sabi nga nila, hindi naman nila hiningi 'yung P80,000. Hindi niya sadyang pumunta doon sa drainage. Hindi naman siya ang lumapit sa atin. Nagkataon lang talaga na napiktyuran siya," sabi pa ng kalihim.

Hiniling din ni Gatchalian na ang kanilang ahensya na lamang ang batikusin sa social media at tigilan na si Rose.

"Nakikita niya nagiging meme na siya, 'yung istorya niya. Sabi niya sana 'wag gawing biro 'yung istorya niya,' dagdag pa ng kalihim.

GMA News

CFO NOW ACCEPTING NOMINATIONS TO THE 2025 MAM AWARDS

The Commission on Filipinos Overseas (CFO) is pleased to announce that nominations to the 2025 Migration Advocacy and Media (MAM) Awards is now OFFICIALLY OPEN.

Established in 2011, the MAM Awards aims to recognize the significant role of the media in information dissemination and advocacy of migration issues and challenges. It was conceived as one of the activities for the celebration of the Month of Overseas Filipinos (MOF) and International Migrants Day in the Philippines every December.

“All entries must be media works released/published or nominees’ accomplishments from January 2022 to June 2025.”

Globally, more people seek better lives and opportunities outside their home countries, such as the Philippines. ***With more than 10 million of our kababayan living and working overseas, Filipino migration reflects a rich tapestry of interesting history, sacrifices, and aspirations.*** CFO Secretary Dante “Klink” Ang II said, “Their narratives – both triumphs and struggles

– and contributions to their host countries and the motherland, deserve more public awareness and recognition. And this is where the media raises public awareness of the plight, issues, challenges, and successes of our Filipino migrants. The Philippine government, through the CFO’s MAM Awards recognizes our friends and partners from the media for giving spotlight to the

inspiring and poignant stories of our kababayans worldwide, and for shaping public perception on matters related to Filipino migration.”

Eligible for the Awards are works by media outlets, institutions, and practitioners based in the Philippines or abroad, in the fields of print, radio, movie, television, advertising, and interactive media. The categories include Print Journalism Award, Radio Journalism Award, Television Journalism Award, Film Media Award, Interactive Media Award, Advertisement Award, and Media Advocate Award. Media entries and advocates should have raised public awareness on migration issues (i.e., human trafficking, illegal recruitment, brain drain and brain circulation, remittance flows, political crisis, families left behind by migrants, etc.), advocated for the cause of and promoted a positive image of Filipinos overseas. All entries must be media works released/published or nominees’ accomplishments from January 2022 to June 2025.

The deadline for submission of entries is 31 July 2025. Awarding of winners will be in December 2025, in time for the MOF Celebration.

For more information, visit the MAM Awards website (mamawards.cfo.gov.ph) or contact the MAM Awards Secretariat-Project Management Division at (+632) 8552-4724, locals 728 to 739, or e-mail mamawards.cfo@gmail.com or pmd@cfo.gov.ph.

Office of the President of the Philippines
COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS

2025

Migration Advocacy & Media Awards

pmd@cfo.gov.ph
mamawards@cfo.gov.ph

(+63 2) 8552 4724
 locals 728 and 734

facebook.com/CFOGovPH

Ika-6 batch isinumite sa ICC: 267 ebidensiya ng murder swak kay Digong

Isinumite na ng Office of the Prosecutor ang ika-an-im na batch ng ebidensiya kaugnay ng kasong crimes against humanity laban kay dating Pangulong Rodrigo “Digong” Duterte sa Interna-tional Criminal Court (ICC).

Sa kabuuan, umaabot na sa 267 items ng ebidensiya ang nasumite ng prosekusyon sa ICC laban kay Dute-rte. Ang mga isinumiteng ebidensiya ay bahagi ng pre-trial proceedings sa umano’y crime against hu-manity of murder sa madu-gong giyera kontra droga ng administrasyong Duterte.

Dalawang beses humir-it ng extension ang pro-sekusyon, ilan dito ay para magsagawa ng redaction sa ilang material-s upang maprotektahan ang pagka-kilanlan ng mga testigo.

Lahat ng materials ay ma-giging bahagi ng ebidensiya ng prosekusyon para sa isagawang confirmation of charges hearing sa Setyem-bre 23, 2025.

Aalamin sa hearin-ng kung may sapat na ebidensiya para ituloy ang paglilitis



ng kaso laban kay Duter-te. Kung ang mga kaso ay makukumpirma, haharap ang dating pa-ngulo sa full trial sa ICC.

Matatandaan na ina-res-to si Duterte noong Marso 11, 2025 sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) pag-uwi niya mula sa Hong Kong. Agad siyang inilipad patu-ngong The Hague, The Netherlands kung saan nakakulong siya ngayon sa ICC detention facility sa Scheveningen.

Kahit nakakulong, nanalo naman si Duterte bilang alkalde ng Davao City sa na-karaang halalan pero hang-gang ngayon ay hindi pa makapanumpa sa puwesto.

Sakaling hindi ito maka-labas ng kulungan ng ICC, ang anak nitong si Vice May-or-elect Sebastian “Baste” Duterte ang tatayong al-kalde ng Davao City.

Ilang beses nang gumaga-wa ng paraan ang mga abo-gado ni Duterte para mad-ismis ang kaso nito sa ICC.

Isa rito ay ang pagkuwest-iyon sa jurisdiction ng ICC sa Pilipinas dahil kumalas na umano sa Rome Statute ang bansa noong 2019 kaya hindi na maaaring litisin ng korte ang dating Pangulo.

Itinulak din ng abogado ni Duterte na ipatanggal ang dalawa sa tatlong judge ng ICC dahil sa pagiging biased umano nito nina Judge Reine Adélaïde Sophie Alapini-Gansou at María del Socorro Flores Liera.

Abante News



Taliba**Flipz**Media

Photography Services

Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.

We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.

Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.

- 100+ photos \$20 per photo (with free Taliba 1/4B&W Ads one time issue)
- 50-90 photos \$25 per photo
- 20-49 photos \$30 per photo
- 10-19 photos \$35 per photo
- 5-9 photos \$40 per photo
- 2-4 photos \$45 per photo

Photo Specifications

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870

★ Email: advertise@flipzmedia.com

DATOL ORDER



Ulat ni Mon Datol

'Gaguhan ang seneryo' sa impeachment court ng Senado! VP Sara kakasuhan ng plunder ng Kamara

Isang malaking 'sarswela' ang ginawa ng Senado nitong Martes, Hunyo 10, 2025, ng manumpang mga Senator/Judges ang 23 Senador sa pamumuno ni Senate President Chiz Escudero para i-convene ang impeachment trial court na lilitis ke VP Sara Duterte, ng payagan nga ni Presiding Judge Escudero na mag-hatag ng Resolution si Judge/Senator Bato dela Rosa para i-dismiss ang impeachment case kontra Bise Presidente!

Nakngdragon, Gen. Cris Maralit! Ang Judge mismo ang nag-file ng motion to dismiss the case na sila hahatol?!? Anoyon? Me gayuon?

Dati saludo ako dahil magagaling na mga abogado sina Sens. Chiz Escudero, Alan Peter Cayetano at Francis Tolentino, pero, bakit tila yata na-Bato sila ni Dela Rosa at Binoi at hinayaang mag-hatag nga si Sen/Judge Bato ng isang mosyon para ibasura ang impeachment

laban kay VP Sara gayung alam naman nila ang rules of court na ang abogado ng nahahabla o' kinasuhan ang dapat lang mag-file ng motion to dismiss the case at...

Hindi ang Judge na hahatol sa kaso! Onli in da Senate ng

Pilipins?

Ang tagal kong pinanuod sa lives-tream ang kaganapan sa Senate at kahit anong paliwanag at pag-kontra ni Senator/Judge Koko Pimentel na isang Bar Topnotcher at Senator/Judge Risa Hontiveros, sa motion ni Bato ay wala silang nagawa dahil pinagtulungan sila nina Alan Cayetano, Tolentino, at Joel Villanueva na...

Sinegundahan nga ni Butter, err, Chiz nga pala, komedi dba?

Hindi nga na-dismis ang impeachment motion ni Bato, pera, err, pero, ginawan ng paraan ni Alan Cayetano para di matuloy MUNA ang trial na iskedyl bukas, Hunyo 11 (babasahin na sana ang Articles of Impeachment na isinu-mite ng Kamara kontra VP Sara) at...

Maibalik sa Kamara de Representantes ang Aol para sertipikahan, kuno! Nakngdragon, Bossing RollyCab!

Ibinalik nga Senado bilang Impeachment Court, sa Kamara de Representantes nitong Martes, Hunyo 10, ang Articles of

Impeachment laban kay VP Sara Duterte upang pasertipikahan na hindi ito labag sa Konstitusyon.

Mahigit 1/3 ng Mam-babatas pumirma sa impeachment ni Sara na gustong kuwest-iyunin ng Senado? Huwat? Nakiki-alam Senado sa Kongreso?

Sa botong 18-5 ng mga senator-judge sa mosyon ni Sen. Alan Peter Cayetano na ibalik sa Kamara ang impeachment complaint laban sa Bise Presidente para sertipikahan ito na hindi labag sa Article XI, Section 3, paragraph 5 ng Konstitusyon ang impeachment complaint kay VP Duterte kayat sobrang galit ng mga nara-rally sa labas ng Senado at tinawag na mga....

DUWAG at takot sa Duterte mga Senador na kontra sa impeachment.

Ang mga pumabor sa mosyon ay sina Senate President Francis Escudero, Sens. Alan at Pia Cayetano, Bato Dela Rosa, Bong Go, Loren Legarda, Raffy Tulfo, Bong Revilla, Jr., Robin Padilla, Imee Marcos, Cynthia Villar, Mark Villar, Joel Villanueva, JV Ejercito, Jinggoy Estrada, Francis Tolentino, Lito Lapid, at Migz Zubiri..

**Kumontra sina Senador
Koko Pimentel III, Risa
Hontiveros, Grace Poe,
Nancy Binay, at Win
Gatchalian.**

Naniniwala naman si Pangulong Bongbong Marcos Jr. na makakatawid sa 20th Congress ang impeachment trial ni VP Sara Duterte dahil wala siyang nakikitang kontrobersiya sa pag-usad ng paglilitis mula sa 19th Congress dahil hindi kayang matapos ito bago pumasok ang mga bagong Senador...

**Walang kontrobersiya
sa pagtawid ani PBBM.
Ano ha, Bato?**

Kung si PBBM ang nagsabing tatawid sa 20th Congress ang impeachment trial ni VP Sara Duterte dahil trabaho ng Senado na gawin ang tungkulin bilang Senator/Judge at naayon iyon sa Konstitusyon ng bansa, sino ngayon ang nagsasabing,

**Di nakiki-alam si
PBBM sa impeachment
ni VP Sara?**

Habang sobrang hitik sa debatehan ang mga

Senator/Judge sa Senado ay maayos namang tinapos na at inirekomenda ng House Committee on Good Government and Public Accountability ang paghahain ng kasong plunder laban kay VP Sara Duterte kaugnay ng iregularidad umano sa paggastos ng confidential funds ng OVP at DepEd na umabot sa Ph1612.5Milyon..

**Non-bailable criminal
case ang Plunder, di ba,
Atty. Batas Mauricio?**

Inirekomenda rin ng komite ang paghahain ng kasong technical malversation, falsification, bribery, at graft and corruption laban sa mga kasangkot ng mga opisyal at dating opisyal

ng OVP at DepEd kasma ang chief of staff ni Duterte na si Atty. Zuleika Lopez.

**Di kaya masakay sa
wheelchairs pa-ospital
ang mga ito?**

Inirekomenda rin ni Committee Chairperson Rep. Joel Chua ang pag-amiyenda sa Secrecy of Bank Deposits Law (Republic Act 1405) upang maaaring mabuksan ang bank account kung nasaan ang pondo ng gobyerno upang mausisa ito ng Kongreso.

**Patay, mabubuksan
na Pandora's Box, err,
bank accounts nga pala,
ng mag-aamang Duterte -
Digong, Pulong, Sara
at Baste, isama na rin si
KittyD.**



Activists, students and supporters of Philippine Vice President Sara Duterte's impeachment celebrate at a rally outside the House of Representatives, after Congress endorsed an impeachment...

Rechie Valdez re-elected; 6 na iba pang Pinoy Canadians bigo sa halalan

***Magbabalik si
Rechie Valdez
sa Parlamento
kasama ang
matagumpay
na comeback ng
Liberal Party***

Naipanalalo ni Rechie Valdez ang kandidatura para sa pangalawang termino at naidepensa ang kanyang seat sa distrito ng Mississauga-Streetsville sa Ontario. Nabigo naman ang ibang Filipino Canadians na sumabak sa pulitika sa ilalim ng magkaibang mga partido sa iba't ibang parte ng Canada ngayong halalan.

Sa huling poll reporting sa electoral district ng Mississauga-Streetsville, nakuha ni Rechie Valdez ang 30,762 na boto o 51.4% ng voter turnout sa naturang riding. Ang distrito ay may 113,763 na populasyon kung saan 86,785 sa kanila ay rehistradong botante batay sa huling listahan ng Elections Canada.

Sa pagharap ni Rechie Valdez, re-elected Liberal MP, sa media noong mga huling araw ng kampanya ay kanyang sinabi na narinig niya ang daing ng marami sa kanyang nasasakupan. I hear everything from the housing concerns, sabi



Rechie Valdez masaya sa pagkapanalo

niya. There are concerns around safety. There are concerns about affordability. And that's why, we believe that our platform that we've put forward already is the best one to be able to address the needs of Canadians right now in this point of time, while leading us forward into the future.

Nanguna sa mga unang oras ng bilangan si Sue McFadden, kandidato ng Conservative Party, dikit na kaagaw ni Valdez sa seat ng riding. Subalit noong pumasok ang mga boto sa 215 ng 216 na presinto at umusad ang bilangan ay lumamang si Valdez ng halos apat na libong boto. Nakuha ni McFadden ang malaking boto (26,968 o 45% ng boto) pero kulang ito para pataubin ang

kampanya ni Valdez. Ang ibang kandidato na sina Bushra Asghar ng New Democratic Party NDP (1,353 boto), Chris Hill ng Green Party (437 boto) at Logan Araujo ng People's Party (363 boto) ay napag-iwanan sa oras ng bilangan sa halalan.

Itinawag ng CBC News kagabi ang projection na Liberal Party ang makakakuha ng maraming seats at bubuo ng gobyerno sa ginawang analysis habang pumapasok ang bilang sa naipanalalo na seats ng magkaibang mga partido. Sa oras ng paglathala ng report, ang Liberal Party ay nakakuha na ng 168 seats at kulang ng apat para makabuo ng isang majority government (172 seats). Tumaas naman ang bilang ng seats sa House of Commons na nakuha ng

Conservative Party (144), habang nalagasan ng seats ang Bloc Québécois (nakakuha ng 23 seats), National Democratic Party (7 seats) at Green Party (1 seat).

Si Mark Carney ng Partido Liberal, magiging ika-25 na prime minister ng Canada, nangako na gagamitin ang lahat ng kanilang tool, ang teknolohiya at inobasyon, para maitayo ang mga bahay sa dami at bilis na aniya ay hindi pa nakita magmula pa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Makakasama sa pamumuno ni Carney si Valdez sa gobyerno.

No matter where you live, no matter what language you speak, no matter how you voted, I will always do my best to represent everyone who calls Canada home, wika ni Carney sa kanyang talumpati. **RCI**

Magbabayad si Trump sa Kanyang mga Aksyon - Bill Clinton

Pinuna ni Pangulong Bill Clinton ang mga aksyon ni Pangulong Trump na umaatake sa panuntunan ng batas, at hinulaan na magbabayad ang pangulo ng isang presyo sa mga naniniwala na ang kanyang mga aksyon ay hindi Amerikano.

“Wala pa kaming nakitang ganito sa buong buhay ko – isang taong nagsasabing, ‘Anuman ang gusto ko ay dapat maging batas ng lupain. Ito ang aking paraan o ang highway.’ At karamihan sa mga Amerikano ay hindi sumasang-ayon diyan,” sabi ni Clinton sa isang pakikipanayam sa “CBS Sunday Morning.”

“Ngunit gusto kong isipin



Dating Pangulo Bill Clinton 78

na binayaran siya ng isang presyo para dito, alam mo, pangalan-calling at itinapon ang kanyang timbang sa paligid ... Sa tingin ko ito ay ginawa sa kanya mas sikat.”

Sinabi niya na ang pag-salungat kay G. Trump ay mapapalakas kung ang mga Demokratiko ay mananal- lo sa mga karera ng mga gobernador sa paglalaro sa taong ito, at mapagtagumpayan muli ang Kamara sa 2026.

“Tingnan mo, eleksyon lang ang magpapabago nito,” aniya.

Clinton said that, so far, the courts are stopping the president, “kabilang ang maraming judges na itinala- ga niya. And you know, he is looking for ways to basically defy all these court orders. But I think he’ll have a hard time doing that. And if he did, I think it will hurt him in

America.”

“May karapatan si Pan- gulong Trump na gawin ang sa tingin niya ay tama; ginagawa niya ito,” sabi ni Clinton. “The courts are do- ing their jobs. There will be other elections. But someone need to stand up and say, ‘Damn it, what we have in common matters more. We cannot throw the legacy of this country away. We cannot destroy other people trust to us. We need to preserve that and find a way to work together, and not humihiyate other people just for we can win.’ Kailangan nating humi- nahon at subukang pagsa- mahin muli ang mga tao. Iyon ang iniisip ko.” *RCI*

Harvard professor na kilala sa kanyang ‘honesty’ research paper, nabistong nag- manipula ng datos!

Si Francesca Gino ay propesor sa Harvard Business School na na- kilala sa larangan ng be- havioral science dahil sa kanyang mga pag- aaral tungkol sa honesty, ethics, at human be- havior.

Isa sa mga pinakasikat niyang research ay pinag- aralan kung paano mahi- hikayat ang pagiging mat- apat ng mga tao. Partikular kung paano mas nagiging totoo ang sagot ng mga tao sa mga form kapag pinapipirma sila ng honest- y pledge.

Sa naturang research, pinag- aralan kung kailan ba dapat papirmahin ng honesty pledge ang mga sasagot ng form: sa sim- ula ba o sa dulo ng form. Natuklasan sa kanyang

pag- aaral na mas madalas daw magsabi ng totoo ang mga tao kung sa umpisa pa lang ay pinapirma na sila ng pledge.

Layunin ng ganitong pa- nanaliksik na matulungan ang mga tao na maging mas tapat sa araw- araw na buhay, trabaho, at nego- syo.

Dahil sa kanyang kon- tribusyon, naging isa siya sa may pinakamataas ang suweldo sa Harvard, na tumanggap ng halos \$1 million bawat taon mula 2018 hanggang 2019. Isang patunay ng malak- ing pagtitiwala at suporta ng unibersidad sa kanya.

Subalit noong 2023, nabalot ng kontrobersiya ang kanyang pangalan matapos mapatunayang

sangkot siya sa manipu- lasyon ng datos sa hindi bababa sa apat na research papers, kabilang na ang tungkol sa honesty pledge.

Nagsimula ang pagdudu- da noong 2021 nang may mga independent scien- tists na nagbunyag ng ireg- ularidad sa kanyang mga pag- aaral, at pinatotohan- an ito ng Harvard matapos ang halos dalawang taong masusing imbestigasyon.


Dahil dito, tinanggal si Gino sa kanyang posisyon at inalisan pa ng tenure, isang bihirang hakbang na huling ginawa ng Harvard noong 1940s. Bagaman mariin niyang itinanggi ang paratang, itinuloy pa rin ng Harvard ang aksyon

laban sa kanya.

Bilang tugon, nagsampa si Gino ng \$25 million na demanda laban sa Harvard at ilang bloggers, ngunit ibinasura ito ng korte.

Ang kaso ni Gino ay nag- ing mitsa ng mas malawak na diskusyon tungkol sa sistema ng pagbibigay ng research grant ng mga unibersidad sa U.S., kung saan mas pinahahalagah- an ang kasikatan ng isang propesor kaysa kalidad at integridad ng pananaliksik.

Nagsilbing paalala ito sa akademya na banta- yang mabuti ang kanilang mga pamantayan at huwag hayaang malampasan ng ambisyon ang katotohan- an. *Pilipino Star Ngayon*



Matatapos ba ang mga Digmaan?

Dahil sa mga digmaan, napakaraming nasasaktan at nahi-hirapan. Tingnan ang mga report na ito:

“Makikita sa mga bagong rekord na mas marami ang namatay nitong nakaraang taon dahil sa digmaan kumpara sa nakalipas na 28 taon, at malaking dahilan nito ang mga digmaan sa Ethiopia at Ukraine.”—Peace Research Institute Oslo, Hunyo 7, 2023.

“Isa lang ang digmaan sa Ukraine sa mga kaguluhang lumala noong 2022. Sa buong mundo, tumaas nang 27% noong nakaraang taon ang karahasang may kaugnayan sa politika, at mga 1.7 bilyong tao ang naapektuhan nito.”—The Armed Conflict Location & Event Data Project (ACLED), Pebrero 8, 2023.



Pero hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa. Sinasabi kasi ng Bibliya na “ang Diyos ng langit ay magtatatag ng isang kaharian na hindi mawawa-

sak kailanman.” (Daniel 2:44) Sa ilalim ng Kaharian, o gobyernong iyon, ‘patitigilin ng Diyos ang mga digmaan sa buong lupa.’—Awit 46:9.

“Dumating Nawa ang Kaharian Mo”—Ang Panalanging Ipinagdarasal ng Milyon-milyong Tao

Ipinapanalangin mo ba ang pagdating ng Kaharian ng Diyos? Sa nakalipas na mga siglo, ipinapanalangin ng milyon-milyong tao na “Dumating nawa ang kaharian mo.” Bakit nila ito ipinapanalangin? Dahil sinabi ni Jesus sa kaniyang mga tagasunod na ipanalangin ang Kaharian ng Diyos.

Sa simula, hindi agad naintindihan ng mga tagasunod ni Jesus ang lahat ng tungkol sa Kaharian. Nagtanong sila: “Panginoon, ibabalik mo ba sa Israel ang kaharian sa panahong ito?” Siguradong nagtaka sila dahil hindi nagbigay ng direktang sagot si Jesus. (Gawa 1:6, 7) Ibig bang sabihin, hindi na natin malalaman kung ano ang Kaharian ng Diyos at kung kailan ito darating? Hindi naman.

Sasagutin sa isyung ito ng Ang Bantayan ang sagot sa mga tanong na:

Bakit natin



kailangan ang Kaharian ng Diyos?

Sino ang Hari sa Kaharian ng Diyos?

Kailan mamamahala sa lupa ang Kaharian ng Diyos?

Ano ang gagawin ng

Kaharian ng Diyos?

Bakit dapat suportahan ang Kaharian ng Diyos ngayon?



Bakit tayo dapat manalangin?

Pakiramdam mo ba hindi pinapakinggan ng Diyos ang mga panalangin mo? Kung oo, hindi ka nag-iisa. Maraming tao ang humihingi ng tulong sa Diyos sa panalangin, pero hindi pa rin nawawala ang problema nila. Tatalakayin sa magasing ito kung bakit tayo makakatiyak na pinapakinggan ng Diyos ang mga panalangin natin, kung bakit hindi sinasagot ng Diyos ang ilang panalangin, at kung paano dapat manalangin para sagutin ito ng Diyos.

Gusto ng Diyos na Jehova na lagi nating sabihin sa kaniya ang

mga ikinababahala natin. (Lucas 18:1-7) **Nakikinig siya dahil nagmamalasakit siya sa atin. Yamang inaanyayahan tayo ng ating makalangit na Ama na manalangin, hindi ba dapat lang nating tanggapin ang paanyayang iyan?—** Basahin ang Filipos 4:6.

Ang pananalangin ay hindi lang basta paghingi ng tulong sa Diyos. Paraan din ito para mapalapit sa kaniya. (Awit 8:3, 4) Kapag lagi nating sinasabi sa Diyos ang nadarama natin, nagiging mas malapit tayo sa kaniya. — **Basahin natin ang Santiago 4:8.**

Paano tayo dapat manalangin?



Kapag nananalangin ayaw ng Diyos na gumamit tayo ng mabulaklak na mga salita, o ng memoryadong dasal. Hindi rin kailangan ang isang partikular na posisyon sa pananalangin. Gusto ni Jehova na manalangin tayo mula sa puso. (Mateo 6:7) Halimbawa, ipinanalangin noon ng Israelitang si Hana ang isang mabigat na problema ng pamilya. Pagkatapos, nang mapalitan ng saya ang kalungkutan niya, taos-puso

siyang nanalangin para pasalamatan ang Diyos.— Basahin ang 1 Samuel 1:10, 12, 13, 26, 27; 2:1.

Talagang napakagan-dang pribilehiyo nito! Malaya nating masasabi sa Maylalang ang ating mga ikinababahala. Puwede rin natin siyang purihin at pasalamatan sa mga ginagawa niya. Talagang hindi natin dapat bale-walain ang pribilehiyong ito.—Basahin ang Awit 145:14-16.



Paraiso—Malapit Na!

Nilalang ng Diyos ang lupa para tirhan ng mga matuwid magpakailanman. (Awit 37:29) Inilagay niya ang unang mag-asawa, sina Adan at Eva, sa napakagandang hardin ng Eden, at ipinagkatiwala niya sa kanila at sa kanilang mga inapo ang pananagutang sakahin ang lupa at alagaan iyon.—Genesis 1:28; 2:15.

Ibang-iba na ang mundo ngayon sa Paraisong iyan. Pero hindi pa rin nagbabago ang isip ng Diyos; gusto pa rin niyang maging para-

iso ang lupa. Paano niya gagawin iyan? Gaya ng ipinakita sa mga naunang artikulo, hindi wawasakin ng Diyos ang mismong lupa kundi patitirahin niya dito ang mga tapat. Kapag tinupad na ng Diyos ang mga pangako niya, ano ang magiging kalagayan sa lupa?

Isang gobyer-no para

sa buong mundo

Kapag namahala na ang gobyerno ng Diyos sa buong mundo, magiging napakasaya ng buhay sa lupa. Magkakaisa rin ang mga tao at magkakaroon ang bawat isa ng makabuluhang trabaho. Inatasan ng Diyos si Jesu-Kristo para mamahala sa buong lupa. Di-gaya ng maraming lider sa ngayon, talagang nagmamalasakit si Jesus sa mga sakop niya. Mamamahala siya nang

may pag-ibig, at magiging mabait siya, maawain, at patas na Hari.—Isaias 11:4.

Magkakaisa ang lahat ng tao

Hindi na magkakabaha-bahagi ang mga tao dahil sa nasyonalidad o lahi. Magkakaisa ang lahat ng tao. (Apocalipsis 7:9, 10) Mamahalin ng lahat ng tao sa lupa ang Diyos at ang kapuwa nila, at makikipagtulungan sila para matupad ang layunin ng Diyos at mapangalagaan ang lupa, na kanilang tahanan.—Awit 115:16.





KAGANDAHAN NG KALIKASAN



Taliba**Flipz**Media

Photography Services

Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.

We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.

Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.

- 100+ photos
- 50-90 photos
- 20-49 photos
- 10-19 photos
- 5-9 photos
- 2-4 photos

\$20 per photo

(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)

\$25 per photo

\$30 per photo

\$35 per photo

\$40 per photo

\$45 per photo

Photo Specifications

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license





For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

TALIBA/Flipz Media
(Magazine & Social Media Services)

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

“Bringing your products & services at the forefront of digital industry.”

ABOUT: While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

SERVICES: Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

VISIT www.talibaflipzmedia.com or CALL ROLLY : **647-287-1870**